Isang makasaysayang pangyayaring pangwika ang pinasisinayaan sa taóng ito. Sa bisa ng Resolusyon A/74/396, opisyal na idineklara noong 2019 ng Pangkalahatang Asamblea ng mga Nagkakaisang Bansa (United Nations) ang mga taón mulang 2022 hanggang 2032 bilang Pandaigdigang Dekada ng mga Katutubong Wika. Tugon ang proklamasyon sa kritikal na sitwasyon ng mga sinasalitang wika sa daigdig, partikular ang mga katutubong wika, na ayon sa pagtataya ng UN Permanent Forum on Indigenous Issues (UNPFII), 90-95% ng mga ito ay tuluyang mawawala o lubhang manganganib pagsapit ng taóng 2100. Kung gayon, nararapat ang pagbibigay-pansin at agarang pag-aksiyon para sa pagpapanatili at pagpapasigla ng mga katutubong wika sa pamamagitan ng pagkilalang konstitusyonal at legal, ng paglalaan ng pondo para sa mga akademikong institusyong kumakalinga sa mga katutubo, at ng pagkakataong makilahok ng mga katutubo sa iba't ibang usapin at pagbubuo ng patakaran.

Ang pagpapahalaga sa mga katutubong wika ay nakasandig sa ating pagtataguyod sa wikang Filipino. Sa pagsusulong sa wikang pambansa, kasabay ring binibigyang-tuon ang ang mga lokal at rehiyonal na wika na nagpapaunlad dito. Kaya naman, sa bahagi ng Unibersidad ng Pilipinas, na naisasaad sa Patakarang Pangwika nito, naiatang na mandato sa Sentro ng Wikang Filipino ang pagsuporta "sa mga aktibidades ng mga iskolar sa Filipino at ibang wika sa Pilipinas."

Ang kasalukuyang isyu ng Agos ay pagtugon ng SWF-UPD sa tungkulin nito sa Unibersidad at sa bansa. Sa pamamagitan ng

pagtatampok ng mga akda sa sariling wika, naipahahayag ang lokal na danas, panaginip, at lunggati, na siya namang itinutulay at ikinakawing sa dama at isip ng kapwa Pilipino gamit ang wikang pambansa. Mula rito, higit nating mauunawaan na pundasyon ang mayamang diversidad ng ating matatag na kaisahan.

Kruhay!

**Jayson D. Petras, PhD**